

Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

Quarter 1 - Modyul 7

Week 4: Paggawa ng Organikong
Pataba (Composting)

Agrikultura



Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan – Grade 4
Alternative Delivery Mode
Quarter 1 - Modyul 5 : Paggawa ng Organikong Pataba (Composting)
Unang Limbag, 2020

Paunawa hinggil sa karapatang – isip. Isinasaad ng Seksyong 176 ng Batas ng Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-isip sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala (*publishers*) at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon – Division of Valencia City
Schools Division Superintendent: Rebonfamil R. Baguio

Development Team of the Module	
Authors:	Kate Marrienne C. Apa
Editor:	Ronald I. Flores, HT-1
Reviewers:	Fortunato R. Ocaya, Jr. – EPS, MTB-MLE Sarah Jane A. Valdez, EPS, EPP/TLE/TVL
Illustrator:	Juniver Kris B. Jimeno
Layout Artists:	John Rimmon I. Taquiso Israel C. Adrigado
Management Team:	
Chairperson:	Rebonfamil R. Baguio <i>Schools Division Superintendent</i>
Co-Chairperson:	Eugene I. Macahis, Jr. Asst. Schools Division Superintendent
Members:	Jayvy C. Vegafria, CID Chief ES Sarah Jane A. Valdez, EPS – EPP/TLE/TVL Analisa C. Unabia, EPS – LRMS Zaldy G. Ampong, PSDS Joan Sirica V. Camposo, Librarian II Israel C. Adrigado, PDO II

Inilimbag sa Pilipinas ng:
Department of Education - Division of Valencia City
Office Address: Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709
Telefax: (088) 828-4615
Website: deped-valencia.org

4

Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

Quarter 1 - Modyul 7

Week 4 Paggawa ng Organikong Pataba
(Composting)
Agrikultura

Ang kagamitan sa pagkatutong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga guro mula sa mga pampublikong paaralan. Hinihikayat ang ibang nasa larangan ng Edukasyon na mag-email ng kanilang puna, komento at rekomendasyon sa Kagawaran ng Edukasyon sa region10@deped.gov.ph.

Lubos naming pinapahalagahan ang inyong mga puna at rekomendasyon.

Panimula

Ang Modyul na ito ay ginawa para sa iyo. Layunin nitong tulungan ka sa iyong pag-aaral, tinalakay nito ang tungkol sa masistemang pangangalaga ng tanim, pagdidilig, pagbubungkal ng lupa, paglalagay ng abono, paggawa ng abonong organiko at iba pa. Sa pamamagitan ng modyul na ito ay maaari mong gamitin ang iyong kakayahan at kahusayan sa pag-unawa at pagsagot ng mga pagsasanay sa buong sipag na inihanda para sa iyo.

Nawa ay may matutunan ka sa modyul na ito.



Ang Modyul na ito ay sadyang inihanda para sayo, Bagong guro ng Edukasyon sa Pantahanan at Pangkabuhayan 4. Matatagpuan mo rito ang mga batayang kaalaman at konseptong kailangang taglayin ng isang guro sa pagtuturo ng mga paraan sa paggawa ng organikong pataba o composting.



Alamin

Mga layunin sa pagkatuto:

Naisagawa ang masistemang pangangalaga ng halaman tulad ng paggawa ng organikong pataba.

Paano matuto sa Modyul na ito:

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang mga sumusunod na hakbang:

- Basahin at unawain nang mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat pagtataya at pagsasanay.
- Sagutin ang lahat na pagtataya at pagsasanay.

Icons sa Modyul na ito

	Alamin	Ang bahaging ito ay naglalaman ng layunin sa pagkatuto na inihanda upang maging gabay sa iyong pagkatuto.
	Subukin	Ito ay mga pagsasanay na sasagutin upang masukat ang iyong dating kaalaman at sa paksang tatalakayin
	Balikan	Ang bahaging ito ay may kaugnayan sa nakaraang aralin at sa iyong bagong matututunan
	Tuklasin	Ipakikilala ang bagong aralin sa pamamagitan ng gawaing pagkatuto bago ilahad ang paksang tatalakayin
	Suriin	Ito ay pagtatalakay sa pamamagitan ng gawain sa pagkatuto upang malinang ang iyong natuklasan sa pag-unawa sa konsepto.
	Pagyamanin	Ito ay mga karagdagang gawain na inihanda para sa iyo upang ikaw ay magiging bihasa sa mga kasanayan.
	Isaisip	Mga gawaing idinisenyo upang maproseso ang inyong natutunan mula sa aralin.
	Isagawa	Ito ay mga gawaing dinisenyo upang maipakita ang iyong mga natutunan na kasanayan at kaalaman at ito ay magamit sa totoong sitwasyon.
	Tayahin	Ang pagtatasang ito ay ginamit upang masusi ang inyong antas ng kasanayan sa pagkamit ng layunin sa pagkatuto
	Karagdagang Gawain	Ito ay mga karagdagang gawaing pagkatuto na dinisenyo upang mas mahasa ang iyong kasanayan at kaalaman.



Subukin

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Aling lugar ang angkop gamitin upang makagawa ng compost pit?
 - a. mabangin at mabato
 - b. mabundok at masukal
 - c. malawak at patag
 - d. medyo mataas na lugar
2. Ilang metro ang haba, luwang at lalim ng lupang huhukayin?
 - a. 2X2X2
 - b. 3X3X3
 - c. 4X4X4
 - d. 5X5X5
3. Saan ilalagay ang mga pinutol na damo, basurang nabubulok at mga pinagbalatan ng gulay at prutas?
 - a. gilid ng bahay
 - b. hukay ng compost pit
 - c. likod bahay
 - d. loob ng bahay
4. Anong dumi ng hayop ang dapat ipatong sa compost pit?
 - a. aso, pusa, kuneho
 - b. baboy, manok, baka
 - c. isda, alimango, hipon
 - d. wala sa pinagpipilian
5. Ilang buwan mahigit bago kuhanin ang ginawang compost?
 - a. dalawa
 - b. tatlo
 - c. apat
 - d. lima
6. Anong kasangkapan ang ginagamit sa pagkuha ng compost?
 - a. asarol
 - b. kalaykay
 - c. *metal screen*
 - d. pala
7. Pagkatapos magsabog ng abo, ano ang sunod na ipatong sa ginawang compost?
 - a. dahon
 - b. kahoy
 - c. lupa
 - d. tubig
8. Yari sa anong bagay ang ginagamit sa paggawa ng basket composting?
 - a. bakal
 - b. damo
 - c. kahoy
 - d. plastik
9. Anong gawing pantakip pagkatapos magawa ang proseso sa paggawa ng compost pit?
 - a. bulok na dahon
 - b. dahon ng saging
 - c. *plain sheets*
 - d. pinagtagping kahoy
10. Kailangang takpan ang ginawang *basket composting* upang ito ay _____.
 - a. dumugin ng daga
 - b. kainin ng ligaw na hayop
 - c. di pamahayan ng langaw
 - d. hukayin ng aso

Aralin

2

Paggawa ng Organikong Pataba (Composting)

Ang organikong pataba ay maganda sa lupa at halaman. Ito ay nakapagdagdag ng *water holding capacity* ng lupa at nakapagtataba ng mga halaman. Ang *composting* ay may dalawang uri, ito ay ang compost pit at compost heap. Ang mga ito ay tatalakayin sa araling ito.



Balikan

Panuto: Basahin ang mga sumusunod na pangungusap at punan ang mga patlang ng tamang sagot. Piliin ang sagot sa mga salitang nakasulat sa loob ng kahon.

compost

pataba

organikong abono

lupa

kalidad

1. Ang _____ ay nagmula sa mga sariwa o nabubulok na mga basura tulad ng balat ng prutas at gulay, dahon ng halaman at mga dumi ng hayop.
2. Ang organikong pataba ay maganda sa _____ at halaman.
3. Ang organikong _____ sa pagbungkal ng lupa sa paligid ng halaman.
4. Mainam na sa paghahalaman ay may kaalaman sa sa paggawa ng _____ o organikong pataba.
5. Nagpapaganda ng _____ o uri ng lupang pagtamnan ang organikong pataba o compost.



Tuklasin


Panuto: Tingnan ang mga larawang nasa kahon at lagyan ng label o pangalan. Piliin ang sagot sa mga salitang nakasulat sa itaas ng kahon.

compost pit

compost heap



1. _____




2. _____

Mga Paraan sa Paggawa ng Compost pit



1. Humanap ng medyo mataas na lugar.
2. Hukayin ito ng dalawang metro ang haba, luwang at lalim.
3. Ilagay sa loob ng hukay ang mga pinutol na damo, basurang nabubulok at pinagbalatan ng gulay at prutas.
4. Patungan ito ng dumi ng baboy, manok o baka.
5. Sabugan ito ng abo at patungan ng lupa.
6. Ulit-ulitin ang proseso hanggang sa mapuno at takpan ng dahon upang hindi ito bahayan ng langaw.
7. Patagalin hanggang 3 buwan o mahigit.

Paraan ng Paggawa ng Compost Heap




1. Pumili ng lalagyan ng yari sa kahoy o yero na sapat ang laki at haba.
2. Ikalat nang pantay ang mga pinagpatong-patong na tuyong dahon, dayami, pinagbalatan ng gulay at prutas, dumi ng hayop at lupa tulad ng compost pit din ang paggawa ng compost heap.
3. Diligan ang ginawang compost heap
4. Lagyan ng pasingawan ang compost heap upang madaling mabulok ang mga nasa loob nito at takpan ng dahon upang hindi pumasok ang ulan. Alisin ang pangsingaw at haluin ang ginawang compost para magsama ang lupa at nabubulok na mga bagay.



Suriin

Panuto: Ang mga sumusunod ay ang iba't-ibang hakbang sa paggawa ng compost pit. Pagsunudsunurin ang bawat hakbang sa pamamagitan ng pagsulat ng bilang sa patlang.

- _____ Patungan ito ng dumi ng hayop tulad ng baboy, manok, at baka.
- _____ Humanap ng medyo mataas na lugar.
- _____ Hukayin ito ng dalawang metro ang haba, luwag at lalim.
- _____ Iilagay sa loob ng hukay ang mga pinutol na damo, basurang nabubulok at mga pinagbalata ng gulay at prutas.
- _____ Uulitin ang ganitong pagkasuno-sunod ng damo, nabubulok na basura, dumi ng hayop, abo, at lupa hanggang sa mapuno ang hukay.
- _____ Patagalin ng tatlong buwan o higit pa upang mabulok. Kunin ang compost sa pamamagitan ng pagsasala gamit ang metal screen na maliliit ang mga butas.
- _____ Sabugan ito ng abo, at patungan ng lupa.



Pagyamanin

Panuto: Basahin ang bawat pangungusap. Isulat sa patlang ang titik **T** kung tama at **M** kung mali.

- _____ 1. Gumawa ng hukay malapit sa tubigan para gawing compost pit.
- _____ 2. kapag tag-ulan takpan ito ng dahon ng saging upang hindi malunod sa tubig.
- _____ 3. Humanap ng medyo mataas na lugar para paglagyan ng iyong compost.
- _____ 4. Pagsamasamahin ang nabubulok at di-nabubulok na pataba sa isang sisidlan.
- _____ 5. Pagkatapos ng tatlong buwan mahigit na proseso ay maaari nang kunin ang mga organikong pataba.




Isaisip

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Bakit mahalaga ang paggawa ng compost o organikong pataba?

2. Paano gawin ang isang simpleng compost pit?



Isagawa

Panuto: Gumawa ng compost sa bakanteng lupa o sa isang malaking sisidlan. Magpatulong sa magulang upang gabayan ka sa paggawa at maiwasan ang maaring sakuna. Kunan ng larawan ang naging output at idikit sa loob ng kahon.

Pag-iiskor gamit ang rubriks



Pamantayan sa paggawa	Oo (5)	Hindi (4)	Hindi gaanong nasunod (3)
Nakasusunod ba sa mga paraan ng paggawa ng compost pit/heap?			
Ginawa ba na may pag-iingat at pagpapahalaga sa kapaligiran at sa sarili?			
Ginabayan ba ng magulang ang pagsagawa ng compost pit/heap?			

Tayahin

Panuto: Basahin at unawain. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

- Anong kasangkapan ang ginagamit sa pagkuha ng compost?
 - asarol
 - kalaykay
 - metal screen*
 - pala
- Pagkatapos magsabog ng abo, ano ang sunod na ipatong sa ginawang compost?
 - dahon
 - kahoy
 - lupa
 - tubig
- Yari sa anong bagay ang ginagamit sa paggawa ng basket composting?
 - bakal
 - damo
 - kahoy
 - plastik
- Anong gawing pantakip pagkatapos magawa ang proseso?
 - bulok na dahon
 - dahon ng saging
 - plainsheets*
 - pinagtagping kahoy
- Bakit kailangang takpan ang ginawang *compost heap/pit*?
 - kainin ng ligaw na hayop
 - di pamahayan ng langaw
 - dumugin ng daga
 - hukayin ng aso
- Aling angkop na lugar ang maaaring gamitin upang makagawa ng compost pit?
 - mabangin at mabato
 - malawak at patag

- b. mabundok at masukal d. medyo mataas na lugar
7. Ilang metro ang haba, luwang at lalim ng lupang huhukayin?
 a. 2x2x2 c. 4x4x4
 b. 3x3x3 d. 5x5x5
8. Saan ilalagay ang mga pinutol na damo, basurang nabubulok at mga pinagbalatan ng gulay at prutas?
 a. gilid ng bahay c. likod bahay
 b. hukay ng compost pit d. wala sa pinagpipilian
9. Anong dumi ng hayop ang pinakamainam na ipapatong sa ginawang compost pit?
 a. aso, pusa, kuneho c. isda, alimango, hipon
 b. baboy, manok, baka d. wala sa pinagpipilian
10. Ilang buwan mahigit bago kuhanin ang ginawang compost?
 a. dalawang buwan c. apat na buwan
 b. tatlong buwan d. limang buwan



Karagdagang Gawain

Panuto: Sagutin ang mga katanungan sa ibaba.

1. Bakit kailangang sundin ang tamang proseso sa paggawa ng compost pit/heap?

2. Ilista ang mga benipisyong makukuha sa paggawa ng compost pit/heap?



Answer Key

Subukin
1. a
2. a
3. a
4. b
5. b
6. a
7. b
8. c
9. c
10. c

surin
1. 2
2. 3
3. 4
4. 1
5. 7
6. 5
7. 6

Tuklasin
1. compost pit
2. compost heap

Tayahin
1. c
2. c
3. c
4. c
5. a
6. a
7. a
8. a
9. b
10. b

balikan
1. organikong
pataba
2. lupa
3. pataba
4. composting
5. kalidad

pagyamanin
1. M
2. T
3. T
4. M
5. T

Sanggunian:

Department of Education. Most Essential Learning Competencies 2020.

Kagawaran ng Edukasyon. 2015. Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 4 Kagamitan ng Mag-aaral. Pahina 366-373

Kagawaran ng Edukasyon. 2015. Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan4 -Patnubay ng Guro. Pahina158-160

For inquiries and feedback, please write or call:
Department of Education – Division of Valencia City
Lapu - Lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709
Telefax: (088) 828 - 4615